

# PIVOT<sup>4A</sup> LEARNER'S MATERIAL



## GRADE 2 - Filipino



### QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material  
Ikatlong Markahan  
Ikalawang Edisyon, 2021

# Filipino

## Ikalawang Baitang

Job S. Zape, Jr.  
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Denmark B. Soco  
Content Creator & Writer

Elaine T. Balaogan & Ricardo Makabenta  
Internal Reviewer & Editor

Lhovie A. Cauilan & Jael Faith T. Ledesma  
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno  
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas  
IT & Logistics

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON  
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

*PIVOT 4A CALABARZON Filipino G2*

# Wastong Gamit ng Pangngalan

## Aralin



Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makagagamit nang wasto ng pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay o pangyayari, makagagamit ng pangngalan nang tama sa pangungusap at makapaglalarawan ng mga bagay, tao, lugar o pangyayari.

### Ano ang Pangngalan?

Ang pangngalan ay salita o bahagi ng pangungusap na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari.

**Pangalan ng tao.** Ang mga salitang tinutukoy ay ngalan ng tao.

**Halimbawa:** Ginoong Perez, guro, pinsan

**Pangalan ng bagay.** Ang mga salitang tinutukoy ay ngalan ng bagay.

**Halimbawa:** lapis, mesa, gusali

**Pangalan ng hayop.** Ang salitang tinutukoy ay ngalan ng hayop.

**Halimbawa:** aso, pusa, ahas, manok

**Pangalan ng lugar o pook.** Ang salitang tinutukoy ay ngalan ng lugar o pook.


**Halimbawa:** barangay, Luneta Park, Lungsod ng Antipolo, paaralan, palengke

**Pangalan ng pangyayari.** Ang salitang tinutukoy ay ngalan ng pangyayari o kaganapan.

**Halimbawa:** piyesta, Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, Pahiyas Festival

# D

Basahin at unawain ang kuwento.



## Ang mga Alagang Hayop ni Rico ni: Denmark Soco

Mahilig si Rico sa mga hayop. Sa katunayan marami siyang alagang hayop. May alaga siyang aso, kuneho, palaka, pagong, pusa, at ibon. Sa tuwing pumupunta si Rico sa palengke ay isinasama niya ang kaniyang aso. Katabi naman niya ang kaniyang pusa sa pagtulog. Pagkagaling ng paaralan ay agad niyang binibigyan ng patuka ang kaniyang alagang ibon habang sinasabayan ito ng pagkanta. Hindi niya rin pinapabayaan ang kaniyang alagang pagong at palaka. Sinisigurado niya na malinis ang tubig sa kulungan nito. Itinuturing ni Rico ang kaniyang mga alaga na kaniyang pamilya. Mahal na mahal ito ni Rico.

Ngunit isang araw, biglang may dumating na bagyo. Binaha ang bahay nila Rico. Nang humupa na ang tubig nawawala ang kanyang alagang pagong at palaka. Labis siyang umiyak sa nangyari. Kinabukasan ay agad siyang nagising sa sobrang ingay ng kaniyang paligid. Dumungaw siya sa bintana at nakita niya ang sobrang daming palakang nagkukumpolan. Agad niyang napagtanto ang pamilya na kabilang ang kaniyang alagang palaka. Ganoon din ang kaniyang naisip sa kaniyang nawawalang pagong na may kasama na itong kapwa niya pagong.

Masaya na rin si Rico sa nangyari. At ang kaniyang inalagaan na lamang ay ang kaniyang aso, pusa at kuneho. Pinakawalan niya na rin ang kaniyang alagang ibon dahil hindi ito dapat na ikinukulong.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutan ang mga sumusunod na tanong batay sa kuwentong binasa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano-ano ang alagang hayop ni Rico?
2. Sino ang kasama ni Rico kapag pumupunta siya sa palengke?
3. Sino ang katabi ni Rico tuwing siya ay natutulog?
4. Anong hayop ang pinapatuka ni Rico na sinasabayan niya pa ng pagkanta?
5. Anong ugali mayroon si Rico?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa binasang kuwento, magbigay ng dalawang (2) halimbawa ng pangngalan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pangalan ng tao: \_\_\_\_\_
2. Pangalan ng hayop: \_\_\_\_\_
3. Pangalan ng bagay: \_\_\_\_\_
4. Pangalan ng lunan o pook: \_\_\_\_\_
5. Pangalan ng pangyayari: \_\_\_\_\_

Ang mga pangalan ng tao, hayop, bagay, lunan o pangyayari ay maaaring mailarawan. Ang tawag sa salitang naglalarawan ay **pang-uri**.

### Ano ang pang-uri?

Ang pang-uri ay salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa mga pangngalan (tao, bagay, hayop, lunan o pangyayari) o panghalip.

Tingnan ang talahanayan. Pansinin kung paano inilarawan ang bawat pangngalan.

Tao	Hayop	Bagay	Pook	Pangyayari
anak-mabait	aso - maamo	silya - matibay	Tagaytay- malamig	Pasko- masaya
Tatay- masipag	elepante- mabigat	bahay- malaki	palengke- masikip	Bagong Taon- maingay
Kaibigan - matapat	tigre - mabangis	damit- maganda	paaralan- malinis	Pista- matao
manlalaro- maliksi	baboy- mataba	sapatos- bago	plasa- malawak	kaarawan- maligaya

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Ilarawan ang mga sumusunod na pangngalan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- |                   |                 |
|-------------------|-----------------|
| 1. bag            | 6. tsinelas     |
| 2. Dr. Jose Rizal | 7. unggoy       |
| 3. aklat          | 8. ilog         |
| 4. puno           | 9. Araw ng Puso |
| 5. pera           | 10. pinsan      |

# E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 : Tukuyin kung ang salitang may salungguhit ay pangngalan ng tao, hayop, bagay, lugar o pangyayari. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Si Rico ay matalinong bata.
2. Bumili ng bagong sapatos ang ate ko.
3. Sa Luneta Park binaril si Dr. Jose Rizal.
4. Gusto kong manood ng telebisyon.
5. Mababa ang ulap ngayong hapon.
6. Naglalaba si Anna sa ilog.
7. Pumupunta si Jhon sa palengke.
8. Kumain ng buto ang aso.
9. Masaya ang Pasko noong nakaraang taon.
10. Bumili ng bagong bag si Manuel.

# A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Nabatid ko na ang \_\_\_\_\_ ay salita o bahagi ng pangungusap na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari.



# Mga Salitang Pamalit sa Ngalan ng Tao

## Aralin

### I

Sa araling ito, inaasahang magagamit mo ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya, tayo, kayo, at sila).

### Ano ang panghalip panao?

Ang **panghalip panao** ay uri ng panghalip na humahalili sa ngalan ng tao. Ito ay mula sa salitang "tao", kaya't nagpapahiwatig na "para sa tao" o "pangtao".

### Mga Gamit ng Panghalip Panao

1. **Ako.** ginagamit ng tagapagsalita na tumutukoy sa kaniyang sarili.

**Halimbawa:** Ako ay nasa Ikalawang Baitang.

2. **Ikaw.** tumutukoy sa taong kinakausap.

**Halimbawa:** Ikaw na ang bahala sa mga kalat sa bahay.

3. **Siya.** katagang ginagamit na pampalit sa pangalan ng tao na pinag-uusapan.

**Halimbawa:** Siya ang aming nakatatandang kapatid.

4. **Tayo.** ginagamit ng higit sa isang tao na nagsasalita o sumusulat, at sa pagtukoy sa kanilang sarili.

**Halimbawa:** Tayo ang lalahok sa paligsahan.

5. **Kayo.** ginagamit bilang pamalit sa pangalan ng dalawa o higit pang tao na kinakausap.

**Halimbawa:** Kayo ng Kuya Amadeo mo ang maglilinis ng garahe.

6. **Sila.** ginagamit bilang pamalit sa pangalan ng dalawa o higit pang tao na pinag-uusapan.

**Halimbawa:** Sila ang mga kaibigan ko sa Maynila.

# D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin sa panaklong ang wastong panghalip panao batay sa larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. (Ako, Ikaw) ay nagsisipilyo.



2. (Ako, Kami) ay magkaibigan.





3. (Siya, Tayo) ang ating guro.



4. (Tayo, Sila) ay  
Magkakapamilya.



5. (Tayo, Ako) ay naglalaro  
ng basketball.

# E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sumulat ng pangungusap gamit ang mga panghalip panao. Gawin ito sa isang malinis na papel.

1. Ako - \_\_\_\_\_
2. Sila - \_\_\_\_\_
3. Tayo - \_\_\_\_\_
4. Kami - \_\_\_\_\_
5. Siya - \_\_\_\_\_

# A

Ilarawan ang iyong pamilya. Isulat ito sa iyong sagutang papel. Sumulat ng anim (6) hanggang walong (8) pangungusap. Salungguhitan ang mga panghalip panaong nagamit.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

# Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga

## Aralin



Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto .

Mahalagang mahinuha ang binabasa at maintindihan ang kuwento. Nararapat na matutuhan at malaman ang sanhi at bunga na siyang kinalalabasan ng kuwento. Sinasabing kung may sanhi ay mayroon ding bunga.

### Ano ang sanhi at bunga?

Ang **sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan o pangyayari.

Samantalang, ang **bunga** ang kináuwian o kinalalabasan ng gawain o pangyayari .

### Mga Halimbawa:

**Sanhi:** Madalas mag-ensayo ng sayaw si Kayla.

**Bunga:** Lagi na lamang siya ang isinasali ng kaniyang guro sa paligsahan.

**Sanhi:** Hatinggabi na kung matulog si Elma.

**Bunga:** Kaya tanghali na siyang nagigising.

**Sanhi:** Araw-araw ay pinaususukan ni Mang Kanor ang puno ng kanilang mangga.

**Bunga:** Namulaklak ng marami ang puno ng mangga.

## Si Juan na Laging Nakikipag-away

ni: Denmark Soco

Si Juan ay nasa Ikalawang Baitang. Siya ay pasaway at palaaway na bata. Mahilig siyang magpaiyak sa mga kaklase niyang babae. Lagi rin siyang nakikipag-away. Siya ay kinatatakutan ng kaniyang mga kapwa kamag-aaral. Sa tuwing recess ay mag-isa lamang siya sa mesa at walang may nais na tumabi sa kaniya.

Isang araw, napadaan si Juan sa isang lumang bahay na katabi lamang ng kanilang paaralan. Habang naglalakad, walang ano-ano ay sinunggaban siya ng mga asong gala kaya agad-agad siyang kumaripas ng takbo. Ngunit tila hindi napagod ang mga aso at ito ay nakasunod pa rin sa kaniya. Pagod na pagod na si Juan, nang biglang may narinig siyang tumawag sa kaniyang pangalan. "Juan! dito ka magtago sa loob ng aming bahay". Nakita niya si Pedro, ang kaniyang kamag-aaral na lagi niyang inaaway. Dalidaling pumasok si Juan sa bahay nina Pedro at nagtago. Laking gulat niya na binigyan siya ng tubig ni Pedro. Nagtataka siya kung bakit hindi nagtanim ng galit si Pedro sa kaniya sa kabila ng lagi niyang ginagawa.

Tumingin si Juan sa may bintana at nakita niyang wala na ang mga aso. Nagpasalamat ito kay Pedro at umalis na siya sa bahay nito. Napagtanto ni Juan na mas magandang maging mabuting bata at magkaroon ng maraming kaibigan.

Simula noon nagbago na si Juan. Siya ay naging palakaibigan at hindi na siya nakikipag-away. Nagkaroon na rin siya ng maraming kaibigan na kasama niya sa tuwing sila ay uuwi galing sa paaralan.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano-ano ang sanhi ng pagbabago ni Juan?
2. Ano ang naging bunga ng pagbabago ni Juan?
3. Ano ang dahilan ng pagbabago ni Juan?
4. Bakit naisipan ni Juan na magbago?
5. Sino ang laging inaaway ni Juan ngunit tinulungan siya para matakasan ang aso?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin kung ang pangungusap ay sanhi o bunga. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kaya siya nahulog sa mataas na hagdan.
2. Palagi siyang nag-eensayo ng pag-awit.
3. Madalas siyang hindi nakapapasa sa pagsusulit.
4. Nasira ang bahay nina Aling Maring dahil sa bagyo.
5. Napagalitan siya ng kaniyang Tatay.


## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isulat ang sanhi at bunga ng sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Tumatakbo ako kaya hinabol ako ng aso.
2. Naglangoy si Larry sa malalim na dagat kaya siya nalunod.
3. Nag-aral nang mabuti si Nico kaya nakapasa siya sa kaniyang mga pagsusulit.

4. Naiwan nilang bukas bukas ang pinto kaya nakapasok ang magnanakaw.
5. Mahilig si Jenny na bumili ng cotton candy kaya laging masakit ang kaniyang ngipin.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sumulat ng limang katangian ng isang mabuting bata. Isulat ang maaring magiging bunga ng kabaitang ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



---

---

---

---

---

**A**

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Nabatid ko na kapag ang salita ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan o pangyayari, ito ay tinatawag na \_\_\_\_\_. Ang \_\_\_\_\_ naman ay ang kináuwian o kinalabasan ng gawain o pangyayari .



# Paglalarawan sa mga Tauhan sa Napakinggang Teksto Batay sa Kilos, Sinabi o Pahayag

WEEK  
4



Aralin

Sa araling ito, inaasahang mailalarawan mo ang mga tauhan sa napakinggang teksto batay sa kilos, sinabi o pahayag.

Mahalagang bigyang pansin ang bawat karakter kung paano ito kumilos at ano ang kaniyang ginagampanan sa kuwento sa paglalarawan. Sa pagbabasa, mariing kilalanin ang mga tauhan. Nakatutulong ito upang lubos na maunawaan ang tekstong pinakinggan o binasa. Ang bawat pahayag ay nagtataglay ng paliwanag sa kahihinatnan ng mga tauhan, kung bakit siya nasadlak sa ganoong kalagayan (kung ano ang dahilan) at kung ano ang kinalalabasan ng bawat kilos, sinasabi o pahayag na kaniyang ginawa sa kuwento.

## Pitong Elemento ng Maikling Kuwento

1. **Tauhan.** Tumutukoy sa mga taong gumaganap sa kuwento.
2. **Tagpuan.** Tumutukoy sa lugar o pook kung saan nangyari ang kuwento.
3. **Banghay.** Tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng kuwento.
4. **Kaisipan.** Mensaheng hatid ng maikling kuwento.
5. **Suliranin.** Tumutukoy sa problemang kinakaharap sa kuwento.
6. **Tunggalian.** Maaaring laban sa tao sa tao, tao laban sa sarili, tao laban sa lipunan, o tao laban sa kalikasan.
7. **Paksang Diwa.** Ang pangunahing tema ng isang kuwento. Dito rin nakapaloob ang kabuoan ng tema at kahulugan ng isang kuwento.

Basahin at unawain ang kuwento.

**Ang Tatlong Alimango**  
ni: Denmark Soco

Sa may bakawan ay may tatlong magkakaibigang alimango. Si Totong na isang maliit ngunit maliksing kumilos, si Botcho na isang mataba ngunit sobrang malakas at si Gonyo na isang katamtamang alimango ngunit napakatalino. Lagi silang magkakasama kahit saan sila magpunta. Sa tuwing may makakasalubong silang kalaban ay agad na itinataboy ito ni Botcho. Kapag nanghuhuli naman sila ng makakain ay maaasahan ang bilis ni Totong. Sinasagot naman ni Gonyo ang lahat ng kanilang mga katanungan. Matalik silang magkakaibigan. Itinuturing nila ang kani-kanilang mga sarili na magkakapatid.

Isang araw, nagtaka si Totong at Botcho kung bakit tahimik si Gonyo. Nakatingala ito sa langit. Agad nila itong nilapitan at tinanong. "Gonyo, ang tahimik mo yata?" Sumagot si Gonyo " may paparating na bagyo at malakas ito." Dahil sa alam nila na matalino at minsan lamang nagkakamali si Gonyo ay agad silang naghanda. Tinanong nila si Gonyo kung ano ang kanilang gagawin. Ang sabi ni Gonyo kailangan nila ng matibay na tirahan. Agad kumuha si Botcho ng kanilang magagamit. "Kailangang mabigyan ng babala ang ating kapwa alimango na nasa kabilang ibayo," sabi ni Gonyo. "Gagamitin ko ang aking liksi," pahayag ni Totong.

Kinabukasan, dumating na ang bagyo. Nagtago ang magkakaibigan sa kanilang ginawang taguan. Sa sobrang lakas ng alon ay inabot pa rin sila ng tubig. Humawak si Botcho sa mga bato at hinawakan ang kanilang ginawang pansamantalang tahanan upang huwag itong tangayin ng alon. Si Totong naman ay agad-agad na tumulong at ginamit ang kaniyang liksi upang agapan ang malaking sira sa kanilang tahanan. Si Gonyo ang siyang nagsasabi kung ano ang gagawin.

Nang dahil sa pagtutulungan ng tatlong magkakaibigan ay agad nilang nalampasan ang bagyo. Dumungaw na ulit ang araw. Sila ay nagpasalamat sa Panginoon na hindi sila pinabayaan at walang nangyaring masama sa kanila.

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang mataba at malakas na alimango?  
A. Botcho                      B. Totong                      C. Gonyo                      D. Tonyo
2. Sino naman ang matalinong alimango?  
A. Totong                      B. Gonyo                      C. Botcho                      D. Ali
3. "May darating na bagyo, kailangang maghanda tayo," ang sabi ni Gonyo. Si Gonyo ay \_\_\_\_\_ na alimango.  
A. masungit                      B. matalino                      C. masipag                      D. tapat
4. "Kailangang mabigyan ng babala ang ating kapwa alimango," ang sabi ni Gonyo.  
A. may malasakit sa kapwa alimango  
B. mabilis kumilos  
C. matapang sa kapwa alimango  
D. mapagbigay
5. "Gagamitin ko ang aking liksi," pahayag ni Totong. Si Totong ay \_\_\_\_\_.  
A. madamot                      B. maliksi                      C. mabagal                      D. matatakutin

## E

Basahin at unawain ang susunod na kuwento.

Maagang naulila sa kaniyang mga magulang si Nida. Kinupkop siya ng kaniyang Lola Isay. Naging mabuti ang pag-aalaga ni Lola Isay kay Nida.

Isang umaga, nakita ni Nida na tanghali na ay hindi pa bumabangon ang kaniyang lola. “Lola, maysakit po ba kayo?” ang sabi ni Nida. “Pupunasan ko po kayo nang guminhawa ang inyong pakiramdam.”

Dito nakita ni Lola Isay na kung ano ang ipinakita niyang magandang ugali kay Nida ay sinuklian niya ito ng kabutihan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin ang mga katangian na inilalarawan ng bawat tauhan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Sinusunod ni Nida ang lahat ng utos ng kaniyang lola.
- \_\_\_\_\_ 2. Kinupkop ni Lola Isay si Nida. Siya ay \_\_\_\_\_ na lola.
- \_\_\_\_\_ 3. “Pupunasan ko po kayo ng guminhawa ang inyong pakiramdam.” Si Nida ay isang \_\_\_\_\_ na bata.
- \_\_\_\_\_ 4. Maagang naulila si Nilda sa magulang.

## A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Nalaman ko, na ang \_\_\_\_\_ ng katangian ay maaaring maipakita kung paano ang kaniyang ikinikilos, paano ito nagasalita at ano ang kaniyang reaksiyon sa mga sitwasyon o kuwento.

# Pagpapahayag ng Sariling Ideya, Damdamin o Reaksiyon sa Napakinggang Kuwento

## Aralin



Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapahayag ng sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari/pabula at maiuugnay sa sariling karanasan ang nabasang teksto.

Ang **panitikan** ay mga akda na katangi-tangi, masining at malikhaing pagtatanghal ng mga idea at damdaming unibersal at pangmahabang panahon, gaya ng tula, katha, dula, at sanaysay.


Ang **pabula** ay isang uri ng panitikang nagsasalaysay ng mga kuwentong karaniwang nagtatampok ng mga hayop bilang mga tauhan.

Nakawiwili itong basahin. Naglalaman ito ng mga impormasyon tungkol sa kagandahang asal, pakikipagsapalaran, kahihinatnan ng bawat desisyon at aksiyon sa buhay.

Mahalaga ang pagbabasa dahil isa ito sa paraan upang matamo at makita ang mundo na hindi pa natin nararating. Ito ay sa pamamagitan sa panulat ng may akda.

Minsan ay nakikita natin ang ating sariling repleksiyon sa akdang ating binabasa. Nakikita natin ang ating sariling buhay at bubuo ng sariling desisyon kung sakali mang tayo ang nasa ganoong sitwasyon.

Basahin at unawain ang kuwento.



Si Langgam at Tipaklong  
ni: Aesop

Maganda ang panahon. Mainit ang sikat ng araw. Maaga pa lamang ay gising na si Langgam. Nagluto siya at kumain. Ilang sandali pa, lumakad na siya. Gaya ng dati, naghanap siya ng pagkain. Isang butil ng bigas ang nakita niya. Pinasan niya ito at dinala sa kaniyang bahay. Nakita siya ni Tipaklong.

"Magandang umaga kaibigang Langgam," bati ni Tipaklong. "Kay bigat ng iyong dala. Bakit ba wala ka nang ginawa kundi maghanap at mag-ipon ng pagkain?"

"Oo nga, nag-iipon ako ng pagkain habang maganda ang panahon," sagot ni Langgam.

"Tumulad ka sa akin, kaibigang Langgam," wika ni Tipaklong. "Habang maganda ang panahon, tayo ay magsaya. Halika, tayo ay lumukso. Tayo ay kumanta."

"Ikaw na lang kaibigang Tipaklong," sagot ni Langgam. "Gaya ng sinabi ko sa iyo, habang maganda ang panahon ako ay naghahanap ng pagkain. Ito'y aking iipunin para ako ay may makain pag sumama ang panahon."

Lumipas pa ang maraming araw, dumating na ang tag-ulan. Ulan sa umaga, ulan sa hapon at sa gabi umuulan pa rin. At dumating ang panahong kumidlat, kumulog at lumakas ang hangin kasabay ang pagbuhos ng malakas na ulan. Ginaw na ginaw at gutom na gutom ang kaawa-awang Tipaklong. Naalala niyang puntahan ang kaibigang si Langgam. Paglipas ng bagyo, pinilit ni Tipaklong na marating ang bahay ni Langgam. Bahagya na siyang makalukso. Wala na ang dating sigla ng masayahing si Tipaklong.

"Mula noon, nagbago si Tipaklong. Pagdating ng tag-init at habang maganda ang panahon ay kasama na siya ng kaniyang kaibigang si Langgam. Natuto siyang gumawa at higit sa lahat natuto siyang mag-impok.

Salamat, kaibigang Langgam," wika ni Tipaklong. "Ngayon ako naniniwala sa iyo. Kailangan nga palang mag-iipon habang maganda ang panahon at nang may makain pagdating ng taggutom."

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Para sa iyo, sino ang gusto mong tularan si Langgam ba o si Tipaklong? Bakit?
2. Hinahangaan mo ba si Langgam sa kaniyang kasipagan? Bakit?
3. Ano ang dapat gawin para hindi matulad kay Tipaklong?
4. Kung ikaw si Tipaklong, lalapit ka rin ba kay Langgam sa panahon ng pangangailangan?
5. Anong aral ang napulot mo sa kuwento?

**D**

Basahin at unawain ang maikling kuwento.

**Ang Aso at ang Anino**  
ni: Aesop

Isang aso ang naglalakad habang kagat-kagat sa bibig ang isang pirasong karne. Tumawid siya sa isang tulay at tumingin sa tubig sa ilalim ng tulay. Nakita niya ang kaniyang repleksiyon sa tubig at inakalang ibang aso ito na mayroon ding dalang karne sa bibig. Tumahol siya dahil nais niyang makuha ang karne ng asong nakita. Ngunit sa kaniyang pagtahol ay nahuhog sa tubig ang karne sa kanyang bibig at hindi na niya ito muli pang nakuha.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ibigay ang damdamin o reaksiyon sa maikling kuwento. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Anong ugali mayroon ang aso?
2. Nakita mo ang bagong laruan ng kaibigan mo. Ngunit mayroon ka ng laruan na iyon. Ano ang gagawin mo? Magpapabili ka ba uli sa Nanay mo dahil luma na ang laruan mo?

## E

Sa nabasa mong kuwento tungkol kay “Langgam at Tipaklong” maiuugnay mo ba ito sa sarili mong karanasan? Maraming karanasan ang nangyayari sa buhay ng tao. Maaari itong masaya, malungkot, nakatatakot, nakagugulat, nakapanghihinayang, at marami pang iba.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sumulat ng isang talata ng isang karanasan na hindi mo malilimutan. Ibigay ang mga reaksiyon o damdamin na iyong naranasan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

---

---

---

## A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Batay sa aking napag-aralan maaaring ipahayag ang karanasan gamit ang iba't ibang damdamin. Maaari itong \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_.

# Pag-uulat nang Pasalita sa Naobserbahang Pangyayari sa Kapaligiran

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uulat nang pasalita ng mga naobserbahang pangyayari sa paligid (bahay, komunidad, paaralan) at sa mga napanood (telebisyon, cellphone, kompyuter) .

Ang **ulat** ay isang pagpapahayag na maaaring **pasalita** o **pasulat** ng iba't ibang kaalaman. Ito ay bunga ng maingat na pagsasaliksik, pakikipag-usap sa mga taong may kaalaman o pagmamasid sa mga bagay-bagay sa ating kapaligiran.

## Mga Paraan ng Pag-uulat

1. Pasalita
2. Pasulat

## Katangian ng Pag-uulat

1. Magbigay ng kabatiran o impormasyon

Halimbawa: Pag-uulat ng PAG-ASA sa taya ng panahon

2. Maglahad ng pag-aaral o pagsusuri sa ginawa

Halimbawa: Ginagawa sa pag-aaral sa eksperimento sa Agham


Mga kailangang tandan upang maging matagumpay ang iyong pag-uulat:

1. Dapat ganap ang paghahanda.
2. Maayos at malinaw ang pakalap ng mga datos at impormasyon.

3. Maganda at organisado ang pagkakatala ng mga datos at impormasyon.
4. Maganda ang pagkabuo ng ulat.
5. May katamtamang lakas ng tinig at wasto ang pagbigkas ng mga salita.

## D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa iyong sariling hinuha, ibigay kung ano ang maari mong gawin upang sila ay matulungan. Iulat ito ng pasalita sa iyong magulang o sinumang nakatatanda na kasama sa bahay.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat sa Bilog A ang mga dapat gawin sa panahon ng pandemya at sa Bilog B naman ang hindi dapat gawin. Magtala ng tatlong (3) pangungusap sa bawat bilog. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


Dapat Gawin

A



Hindi Dapat Gawin

B



**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Iulat nang pasalita ang mga sumusunod na paksa. Iulat ito sa iyong magulang o nakatatandang kasama sa bahay.

- A. Pagtataya ng buhay ng mga bayaning frontliners upang pangalagaan tayo laban sa Corona Virus
- B. Kaibahan ng edukasyon o pag-aaral sa panahon ngayon.
- C. Halaga ng makabagong teknolohiya katulad ng cellphone at kompyuter

## Rubriks sa Pag-uulat ng Pasalita

Krayterya/ Kategorya	Pamantayan sa Pagmamarka	Kaukulang Puntos			
		5	4	3	2
Pagtalakay sa Paksa	Ang pagtalakay ay nagtataglay ng lohikal,				
Estilo ng Pagtalakay	Ang ginamit na estilo ay naiiba at natatangi				
Kaangkupan ng Ideyang ginamit	Sapat, wasto, konkreto at makabuluhan ang				
Wastong Gamit	Tamang pagbigkas ng				
Kabuuan					

### Legend:

5-Napakahusay

4-Mahusay

3-Di-Gaanong Mahusay

2-May kakulangan



Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sa aking pag-aaral nalaman ko na ang \_\_\_\_\_ ay isang pagpapahayag na maaaring **pasalita** o **pasulat** ng iba't ibang kaalaman. Ito ay bunga ng maingat na pagsasaliksik, pakikipag-usap sa mga taong may kaalaman o pagmamasid sa mga bagay-bagay sa ating kapaligiran.

# Pagbabaybay ng mga Salitang Tatlo o Apat na Pantig at Batayang Talasalitaang Pampaningin

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-babaybay nang wasto ng mga salitang tatlo o apat na pantig, batayang talasalitaang pampaningin at natutuhang salita mula sa mga aralin.

Ang **pagbabaybay** ay pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamagitan ng lahat ng kinakailangan na letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod.

## Mga Tuntunin sa Pagbabaybay

1. **Pabigkas na pagbabaybay.** Ang pagbigkas na pagbabaybay ay dapat pa letra at hindi papantig.

Halimbawa (salita)

baka =/bi-ey-key-ey/

paaralan=/pi-ey-ey-ar-ey-el-ey-en/

Halimbawa (pantig)

i=/ay/

ay=/ey-way/

Halimbawa: (daglat)

Mr. (Mister) =/kapital em-ar/ Dr. (Doktor)= /kapital di-ar/

Halimbawa: (akronim)

UP (University of the Philippines) =/yu-pi/

Halimbawa: (inisyal)

RRD (Rodrigo Roa Duterte)=/ar-ar-di/

2. **Pasulat na Pagbabaybay.** Ito ang pagpapanatili ng isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra sa pasulat na pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

A. Kung ano ang bigkas ay siyang sulat. Kung ano ang sulat ay siyang basa.

**Halimbawa:**

dyip=jeep          putbol=football          dyaket=jacket

B. Mayroong dagdag na walong (8) letra sa alpabetong Filipino. Ito ay ang C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z. Ito ay ginagamit sa tao at lugar.

**Halimbawa:**

Tao:            Francis, Ñino, Zara, Venus

Lugar:        Quezon, Zamboanga City, Valenzuela

C. Mga salitang katutubo mula sa ibang wika dito sa Pilipinas.

**Halimbawa:**      señor (kastila: ginoo)

Ang batayang talasalitaang pampaningin ay mga salitang madalas lumilitaw sa ating pagbabasa at pagsusulat.

**Mga halimbawa:** ate, doon, ng, at, sino, atin, mga, din, ako, alin, may, dito, at sa



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ibigay ang wastong baybay ng mga batayang talasalitaang pampaningin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang tawag sa kaniya ay ina ng tahanan. ( nanay, naynay)
2. Siya ang nakatatandang kapatid na lalaki. (kuya, koya)

3. Masarap magpalipad ng \_\_\_\_\_ kapag malakas ang hangin.  
(saranggola, sarangola)
4. Ang \_\_\_\_\_ mag-aaral ay nalungkot nang hindi sila makapasok sa paralan. (mga, manga)
5. Ang aming \_\_\_\_\_ ay malinis. (bahay, banay)
6. Bumili ng bagong \_\_\_\_\_ si Tatay. (nama, kama)
7. Ang isa pang kahulugan ng upuan ay \_\_\_\_\_. (cilla, silya)
8. Ang paboritong kulay ni Emily ay \_\_\_\_\_. (berdi, berde)
9. Ika - \_\_\_\_\_ ako sa magkakapatid. (sampo, sampu)
10. Malaking \_\_\_\_\_ ang gamit niya sa pag-alis. (malita, maleta)

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Piliin ang letra ng salitang wasto ang baybay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang salitang ito ay may kahulugang kaluluwa o diwa.  
A. ispiritu    B. espiritu    C. esperitu    D. espireto
2. Ang katumbas na kahulugan nito ay katibayan.  
A. ebidensiya    B. ebedensiya    C. ebedinsia    D. Ibidens
3. Ang salitang ito ay katumbas ng salitang paaralan.  
A. iskwelahan    B. eskuwelahan    C. eskwelahan    D. iskwelahan
4. Ang isa pang kahulugan nito ay patalastas.  
A. anunsio    B. anonsiyo    C. anunsiyo    D. anunseyo
5. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay patnubay o pamamahala.  
A. direksiyon    B. direksyon    C. dereksyon    D. direksion



## E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tukuyin ang mga salitang mali ang baybay at isaayos ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ilang araw ring nagpapagaling si Angelika sa ospital.
2. Mula noon ay hindi na siya sumusuway sa yopa ng kaniyang nanay na huwag lumabas ng bahay.
3. Naging masunurin si Angelika sa kaniyang nanay dahil ayaw na niyang agmkasaikt.
4. Inaapoy ng lagnta si Angelika at siya rin ay giniginaw.
5. Labis na nag-alala ang kaniyang ytata.

## A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sa aking pag-aaral nalaman ko na ang \_\_\_\_\_ ay ang pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamagitan ng lahat ng kinakailangang letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod.

## Mga Salitang Magkakatugma

## Aralin



Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng mga salitang magkakatugma .

Ano ang kahulugan ng **tugma**?

Ayon sa diksyonaryong Filipino, ito ay pagkakatulad ng mga tunog sa huling pantig sa dalawa o higit pang taludtod .

Ang **magkatugma** ay dalawang salita na parehas lamang ng una at hulihang katinig o patinig ngunit magkaiba ito ng **kahulugan**. Sa pang araw-araw natin na komunikasyon, hindi natin napapansin na gumagamit na pala tayo ng mga salitang magkatugma. Madalas itong gamitin sa mga panitikan at mga awitin dahil madali itong masaulo at magandang pakinggan sa tainga.

## Mga Halimbawa:

mata-bata

gusto– multo

tasa - lasa

baliw– saliw

hangin– bangin

mesa– misa

ulo– salo

ilaw– hilaw

bahay - anay

Basahin at unawain ang tula.

## Ang Alaga kong Aso

ni: Denmark Soco

Aking alagang aso

Nilagyan ko ng laso

Upang hindi maglaho

Kapag nakihalubilo.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang hayop na alaga ng may-akda?
2. Ano ang inilagay niya sa kanyang alaga?
3. Bakit niya nilagyan ng laso ang kaniyang alaga?
4. Ano-ano ang salitang magkakatugma sa tula?
5. Magbigay ng dalawang halimbawa ng salitang magkatugma.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Piliin sa panaklong ang salitang katugma ng salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Lumuha si Nora ng mawala ang kaniyang pitaka. (lumuwa, bumuka)
2. Nasunog ang sinaing ni Liza. (kinain, hinaing)
3. Maraming agiw ang lumang bahay ni Lancer. (saliw, kaliwa)
4. Masayang nagdiwang ng kaarawan si Luisa. (larawan, orasan)
5. Madalas akong nakikinig ng balita sa  radyo. (lindol, bagyo)

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Magbigay ng salitang katugma ng salita sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- |          |           |           |
|----------|-----------|-----------|
| 1. ligo  | 5. takbo  | 9. langit |
| 2. kahol | 6. salmin | 10. ahon  |
| 3. Sayaw | 7. lasa   |           |
| 4. Iyak  | 8. dulo   |           |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa awiting "Bahay Kubo", tukuyin ang mga salitang magkakatugma. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

### Bahay Kubo

Bahay kubo, kahit munti

Ang halaman doon ay sari-sari

Singkamas at talong, sigarilyas at mani  
sitaw, bataw, patani.

Kundol, patola, upo't kalabasa

At saka mayro'n pang labanos, mustasa  
sibuyas, kamatis, bawang, at luya  
sa paligid-ligid ay puro linga.

**A**

---

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Batay sa aking napag-aralan ang \_\_\_\_\_ ay dalawang salita na kung saan ay parehas lamang ng una at hulihang katinig o patinig ngunit magkaiba ito ng kahulugan.



# Susi Sa Pagwawasto

<b>WEEK 7</b> Gawain 1 1. Nanay 2. Kuya 3. Saranggola 4. Mga Bahay 5. Kama 6. Silya 7. Berde 8. Sampu 9. maita 10.	<b>Gawain 2</b> 1. B 2. A 3. B 4. C 5. A <b>Gawain 3</b> 1. Ospital 2. Payo 3. Magkasakit 4. Lagnat 5. Tatay	<b>WEEK 8</b> Gawain 1 1. Aso 2. Laso 3. maglaho 4. Aso, laso, maglaho, 5. Ayon sa pagpapasya ng guro	<b>Gawain 2</b> 1. Lumuwa 2. Hinging 3. Saliw 4. Larawan 5. Bagyo <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro	<b>Gawain 4</b> Munti, sari-sari, mani, patani, kalabasa, mustasa, luya, llinga
<b>WEEK 2</b> Gawain 1 1. Ako 2. Kami 3. Siya 4. Sila 5. Tayo <b>Gawain 2</b> 1. Sanhi 2. Sanhi 3. Sanhi 4. Bunga 5. Bunga <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro 1. Masunurin 2. Mabit 3. Malaga 4. Malungkot	<b>Gawain 1</b> Ayon sa pagpapasya ng guro 1. A 2. B 3. B 4. A 5. B <b>Gawain 2</b> 1. Bunga 2. Sanhi 3. Sanhi 4. Bunga 5. Bunga <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro 1. Masunurin 2. Mabit 3. Malaga 4. Malungkot	<b>Gawain 4</b> Ayon sa pagpapasya ng guro 1. A 2. B 3. B 4. A 5. B <b>Gawain 2</b> 1. Masunurin 2. Mabit 3. Malaga 4. Malungkot	<b>Gawain 1</b> Ayon sa pagpapasya ng guro <b>Gawain 2</b> Ayon sa pagpapasya ng guro <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro	<b>WEEK 6</b> <b>Gawain 1</b> Ayon sa pagpapasya ng guro <b>Gawain 2</b> Ayon sa pagpapasya ng guro <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro
<b>WEEK 1</b>				
<b>Gawain 1</b> 1. Pusa, Aso, kuneho, pagong, ibon, palaka 2. Aso 3. Pusa 4. Ibon 5. Pagmamahal sa Hayop	<b>Gawain 2</b> Ayon sa pagpapasya ng guro <b>Gawain 3</b> Ayon sa pagpapasya ng guro	<b>Gawain 4</b> 1. Tao 2. Bagay 3. Lugar 4. Bagay 5. Lugar 6. Lugar 7. Lugar 8. Hayop 9. Pangyayari 10. Tao		

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.




## Sanggunian

---

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Salud, G. P. & Dela Cruz, E. (2017). *Prototype Lesson Plan Grade 6*. Lipa City: Department of Education-SDO Lipa City.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

